K

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuwarter 1
Linggo 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Lingguhang Aralin sa Kindergarten**
**Kuwarter 1: Linggo 7**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG Kindergarten Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anomang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

**Bumuo ng Materyal**

**Sinuri at Pinagyaman**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Internal:** | Marissa M. Andanza | Ruby E. Baniqued | Gemma G. Bernardo |
| | Dalisay E. Esguerra | Florita R. Matic | |
| | Florante D. Garcia | Lucky S. Carpio | Aubrey M. Arebuabo |
| | Jever E. Sales | Evelyn M. Ramos | |
| **External:** | Jonellie Reynes Santos | Rubie Sajise | Kristine Canon |
| **Tagalapat:** | Dorothy Grace I. Reyes | Ana Lisa M. Mesina | Edgardo Q. Reyes |
| | Cristina Rivera | Klarize B. Bermejo | |
| **Tagaguhit:** | | | |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV* Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regonal Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**MARICAR A. BANGIT**, Regional Kindergarten Supervisor
**RUBY E. BANIQUED**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor
**DALISAY E. ESGUERRA**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon ng mga materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

<table>
<tr><td rowspan="4">MATATAG<br>Kindergarten<br>Lingguhang Aralin</td><td>Paaralan:</td><td colspan="2"></td><td>Petsa:</td><td></td></tr>
<tr><td>Pangalan ng Guro:</td><td colspan="2"></td><td>Lingguhang Bilang</td><td>7</td></tr>
<tr><td>Pangkat:</td><td>1.</td><td>2.</td><td rowspan="2">Markahan</td><td rowspan="2">1</td></tr>
<tr><td>Tema:</td><td colspan="2">Knowing Who We Are and Our Families</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman (*Content Standard*)** | *The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.* |
| **B. Pamantayang Pagganap (*Performance Standard*)** | *The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety.* |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto (*Learning Competencies*)** | • *Recognize oneself as a member of a family*<br>• *Narrate one's personal experiences*<br>• *Demonstrate respectful attitude towards oneself, parents, and other members of the family)*<br>• *Demonstrate locomotor and non-locomotor movements*<br>• *Produce the sound of the letter it stands for (letter Ss)*<br>• *Write the letters of the alphabet in uppercase and lowercase form (letter Ss)*<br>• *Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal* |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | • Nalalaman na ang bawat bata ay kabilang sa isang pamilya, na may mga miyembro at kani-kaniyang pangalan.<br>• Natutukoy ang mga bumubuo sa isang pamilya<br>• Nasasabi ang sariling karanasan sa pagganap ng tungkulin bilang bahagi ng pamilya<br>• Natutukoy ang pagkakaiba at pagkakapareho ng bawat pamilya.<br>• Naihahambing ang marami, kaunti at magkakaparehang bilang ng miyembro ng pamilya.<br>• Nasasabi ang tunog ng letrang Ss |
| **E. Nilalaman/Paksa (*Content Focus*)** | Ako'y Kabilang sa Isang Pamilya. Ako ay may mga tungkulin sa aking pamilya na tumulong sa mga gawaing bahay na kaya kung gawin tulad ng paliligpit ng higaan at pagpapanatiling malinis ng bahay. |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| BLOCKS OF TIME | LUNES | MARTES | MIYERKOLES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time**<br>Free Play<br>(10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Papilahin sila sa lugar kung saan hindi sila mauulanan o maaarawan . Bigyan ng mga laruan na maaring bilangin tulad ng blocks. Maglagay ng mga kukulayang larawan ng isang pamilya.  Bigyan ng larawan ng pamilya na maari nilang gayahing iguhit.<br><br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pagsisimula ng klase.<br>Matapos ang sampung minuto, kantahin ang Isa, Dalawa, Tatlo o iba pang kanta na maaaring gamitin upang umupo ang mga bata. (Sumangguni sa Apendiks.) | | | | |
| **Meeting Time**<br>(15 minuto)<br><br>Routine Activities | Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>Kumustahan (kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o narinig nila, *current events*)<br>Balitaan:<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br>Kahapon ay (e.g., Linggo)<br>Ngayon ay ______<br>________________.<br>Bukas ay _______.<br>Ang petsa ngayon ay ika-__ng _____, taon ______.<br>Ano naman ang ating panahon ngayon? (maulan, maaraw, atbp.)<br>Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan kaya lahat ang mga bata? Bilangin natin<br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular sa *Intentional Teaching for Routine Activities*, upang makita ang iba't ibang konsepto at *variation* ng pagtuturo nito.) | | | | |




DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | |
|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Ako ay bahagi ng isang pamilya. Ang bawat tao ay may pamilya.<br>Ang pamilya ay may mga miyembro o kasapi. May kani-kaniyang katawagang ngalan ang bawat isa (halimbawa, Tatay, Nanay, Ate, Kuya). Ang iba't ibang pamilya ay magkakaiba ang bilang ng mga miyembro. Mayroong malalaki at maliliit na bilang o miyembro pamilya.<br>Iba-iba ang bumubuo sa bawat pamilya.<br>- May pamilyang kasama ang lolo at lola.<br>- May pamilyang hindi kasama ang lolo at lola.<br>May mga pamilya na hindi palaging magkakasama.<br>- maaaring may miyembro ng pamilyang nagtatrabaho sa ibang lugar<br>- maaaring may nag-aaral sa ibang lugar | Ang mga miyembro ng isang pamilya ay may mga gawaing dapat gampanan.<br>May mga miyembro ng pamilya na magkakasamang ginagawa ang mga gawain (halimbawa, kumakain nang sama-sama); may mga miyembro na magkakahiwalay na ginagawa ang mga gawain (halimbawa, paliligo).<br>Ang pamilya ay isang grupo ng mga taong naninirahan sa tahanan at nagmamalasakit at nagmamahal sa isa't isa. |
| **Mga Katanungan** | Ano ang apelyido ng inyong pamilya?<br>Sino-sino ang miyembro ng inyong pamilya? Ilan kayo sa inyong pamilya?<br>Sino-sino ang magkakasamang nakatira sa inyong tirahan? Mayroon bang miyembro ng pamilya na nakatira sa ibang lugar?<br>Ano - ano ang gawain ng bawat miyembro ng pamilya? | Ano-ano ang ginagawa ninyo kasama ang pamilya? Sino-sino ang kasama ninyong gumagawa nito?<br>Mayroon bang mga gawain na hindi kayo magkakasama? Sino-sino ang gumagawa ng mga hiwalay na gawaing ito? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Circle Time 1**<br>**(Work Period)**<br>(45 minuto) | Awitin natin ang Kaibigang Libro<br>*Story*: ***Ang Aking Pamilya*** (Renalou G. Elizar, Division of Negros Occidental, http://lrmds.deped.gov.ph)<br><br>***Pagganyak*** *Motivation question:* Sino-sino ang mga miyembro ng pamilya?<br>***Pangganyak na Tanong***<br>*Motive question:*<br>Sa kuwento natin ngayon, sino-sino ang magkakasama sa isang pamilya?<br><br>**Para sa Guro:**<br>Habang nagkukuwento: Magtanong sa mga bata sa bawat pahina ng kuwento :<br>*Hal.* Sino ang bata sa kuwento? Sino – sino kaya ang mga kasama niya sa kanilang pamilya? Ilang miyembro ng pamilya mayroon sila? | Awitin: Ipaawit ang “Nasaan si Tatay? (Nanay, Ate, Kuya at Bunso”<br>***Pagganyak:***<br>Mula sa awit, alamin natin, nasaan kaya lagi si Tatay sa tahanan? Si Nanay? Si Ate, Kuya at bunso? Ano kaya ang gawain ng bawat isa sa bahay? Magkakatulad ba sila ng gawain? Bakit?<br>***Para sa Guro:***<br>Magpakita ng larawan ng mga gawain ng bawat miyembro ng pamilya. Hal.<br>Mga gawain ni Tatay.<br>(*Source: Jeralyn S. Morales posted in slideshare)*<br><br>Ano – ano ang mga gawain ng bawat miyembro ng pamilya na ipinakita sa larawan? | Awitin: Muling ipaawit ang “Aking Pamilya”<br>***Pagganyak:***<br>Pagpapakita ng lawaran ng dalawang pamilya. Pamilyang may kasamang lolo at lola at pamilyang walang kasamang lolo at lola.<br>***Para sa Guro:*** Muling balikan ang kuwento. Ipakita ang larawan ng pamilya na bumubuo sa kuwento.<br>*Itanong:*<br>Sino-sino ang mga kasama ni Ren sa kaniyang pamilya?<br>Bukod sa kaniyang Nanay at Tatay, sino pang nakatatanda ang kasama nila?<br>Masdan ang isa pang larawan. Ito ay pamilyang Cruz (pamilyang walang kasamang lolo at lola) May pagkakaiba ba sa pamilyang ito? Ano ang pagkakaiba nito sa pamilya ni Ren? | Ituro ang awiting, *“Masaya Kaming Pamilya”* (Sumangguni sa Apendiks)<br>***Pagganyak:***<br>*Guessing Game:*<br>***Para sa guro****:*<br>*Tumawag ng pangkat ng mga batang gagawa o mag act-out ng mga gawaing bahay at tumawag ng pangkat na magsasabi kung sino ang gumagawa nito sa bahay.*<br>1.naglalaba<br>2. nagluluto<br>3. paglilinis ng bahay<br>4. naglalaro at nagpapasaya sa pamilya<br>5. nagkukumpuni ng sirang gripo<br>6. namamalantsa<br>7. namamalengke<br>8. nag-aalaga sa kapatid (maghanda ang guro ng manika para rito)<br>9. nag-aaral<br>Ipaliwanag nang mabuti ng guro ang gampanin ng bawat miyembro ng pamilya. | Ituro ang awiting, *“Masaya Kaming Pamilya”* (Sumangguni sa Apendiks)<br>***Pagganyak:***<br>Magpakita ng larawan ng pagtulong sa nakatatanda. Hal.<br>Pagmasdan ang larawan.<br>Ano ang ipinakikita sa larawan?<br>(Souce of picture:YT by Sir Wowie)<br><br>Nagagawa ba ito sa ating tahanan? Ano pa ang mga gawain na nagpapakita ng pagmamahal sa pamilya? |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br>**Para sa guro**:<br>-Balikan ang Motive Question at pasagutan ito sa mga bata.<br>-Isa-isa muling ipakita ang mga larawan sa kuwentong binasa at hikayatin ang mga bata na magkuwento tungkol dito. (Samangguni sa Teacher's Guide partikular sa *Book Orientation sa Storytelling to Young Children.)*<br><br>Hikayatin rin ang mga mag-aaral na ibahagi rin ang kani-kanilang pamilya; maaring tanungin sila:<br><br>halimbawa: Sa inyong pamilya, sino-sino ang miyembro? Ilan kayo sa inyong pamilya? Malaki ba o maliit ang inyong pamilya?Kailan nating masasabing maliit o malaki ang isang pamilya?<br><br>*Magpakita ang guro ng larawan ng maliit at* | ***Talakayan***<br>Pag-usapan ang mga gawain ng bawat miyembro ng pamilya. Hayaang magkuwento ang mga bata ng kanilang gawain sa bahay at ganundin ng gawain ng bawat miyembro ng kanilang pamilya. Talakayin ang maaring pagkakatulad at pagkakaiba-iba ng mga gawain sa tahanan.<br><br>*Itanong*:<br>Mahalaga ba ang gawain na ginagampanan ng bawat miyembro ng pamilya? Bakit?<br><br>**Para sa Guro**:<br>Magpakita ng larawan na sama-samang gumagawa at nagsasaya ang mag-anak.<br>Itanong: Paano gumagawa ang mag-anak? Sila ba ay sama-samang gumagawa? Ano kaya ang kanilang pakiramdam habang | ***Talakayan***<br>Sino sa inyo ang katulad ng pamilya ni Ren na kasama ang Lola at Lolo?<br>**Para sa Guro**:<br>Hayaang magkuwento ang mga bata tungkol sa mga kasama sa bahay. Ano ang pakiramdam na kasama sina lola at lolo?<br>Paano natin ipinakikita ang pagmamahal sa atin lolo at lola? Pare-pareho ba ang mga magkakasama sa pamilya? Bakit?<br><br>**Para sa Guro**:<br>Sa bahaging ito ipagpatuloy ang pagtuturo ng letrang Ss<br><br>Ipagawa:<br>**Matching Letter  Ss with pictures*<br>**Playing Dough* | ***Talakayan***<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na pa-isipan at pag-usapan ang mga gawaing ginagawa ng mga pamilya. Maaring magtanong: Ano-ano ang ginagawa ng pamilya nang magkakasama? May mga gawain bang ginagawa nang hindi magkakasama? Ano-ano ang mga ito?<br><br>**Para sa Guro**:<br>Sa bahaging ito muling ipagpatuloy ang pagtuturo ng letrang Ss<br><br>Ipagawa:<br>*Magpakulay ng mga larawan na nagsisimula sa Ss at makasulat ng letrang Ss. | **Talakayan:**<br><br>Pagsasadula:<br><br>**Para sa mga bata:**<br><br>Ipakita kung paano natin ginagawa ang pagmamahal sa bawat miyembro ng pamilya. Magkuwento tungkol sa sariling karanasan tungkol dito.<br>**Para sa Guro:**<br>(Hikayatin ang mga mag-aaral na magtaas ng kamay at hintaying tawagin kung nais nilang magbigay ng sagot o magkuwento.)<br><br>**Para sa Guro:**<br>*Play-based Activities Hal.*<br>*Finding Letter Ss*<br>Pangkatin ang mga bata. Bigyan ng mga ginupit na iba't ibang letra ang bawat pangkat. Ipahanap sa bawat pangkat ang letrang Ss  at mag-isip ng bagay na |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *malaking pamilya.*<br>*A.Pamilyang may 4 na miyembro*<br>*B. pamilyang may 5 na miyembro*<br>*Aling larawan ang nagpapakita ng maliit na pamilya?*<br>*Sino sa inyo ang may katulad na bilang ng pamilya?*<br>Hikayatin ang mga bata na magkuwento tungkol dito. | gumagawa?<br>Banggitin nga ang salitang sama-sama. Anong letrang nagsisimula ang sama-sama? Ano ang tunog nito? Pakinggan si Titser at sundan ako pagkatapos.<br>Ipagpatuloy ang pagtuturo ng Letrang Ss. Gumamit ng iba pang mga larawan na nagsisimula sa Ss. Gumawa ng mga gawain para sa pagkatuto ng mga bata. | | | nagsisimula sa Ss. Sabihin ito sa klase. |
| **Teacher Supervised Activity** | *Family Pictograph* (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | *Frame It!* (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.)<br>*Kilalanin ang Letrang Ss*<br>Pagkilala sa mga salitang nagsisimula sa letrang Ss. Piliin ang mga larawan mula sa ibibigay ng guro. Kulayan ang mga ito.<br>*Match Me!*<br>Larawan ng miyembro ng pamilya at gawaing ginagampanan ng bawat isa. | Tayo Ay Pamilya (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | *Celebrating with Family* (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | Mahal Ko Ang Aking Pamilya (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) |







Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr><td>Supervised Recess<br>(15 minuto)</td><td colspan="5">Mga bata, sampung minuto na lang ang natitira. Iligpit na natin ang mga bagay na ginamit natin.<br>Magpasalamat at magdasal tayo sa ating mga nagawa at para sa ating pagkain. Tawagin natin si __, ang prayer leader ngayong araw (base sa Job Chart).<br>Maaari na po tayong pumila para sa paghuhugas ng mga kamay. Pagkatapos , maaari na ninyong kunin ang inyong dalang pagkain at kainin ito sa mesa.<br>(Kapag kumakain na ang mga bata) Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa mga kaklase. Maaari ring magtanong: Sino ang naghahanda ng iyong pagkain? Tumutulong ka ba sa paghahanda o pagluluto at iba pa.<br>Pagkatapos kumain, maghuhugas ulit ng mga kamay, magsisipilyo at magpapalit ng damit kung basa. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at katawan para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari nang magpahinga ang tapos.<br>(Sumangguni sa Teacher's Guide ukol sa intentional teaching patungkol sa routine activities).</td></tr>
<tr><td>Quiet / Nap Time<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Awitin nang mahina ang Bahay Kubo/ Ili-ili Tulog Anay / Sa Ugoy ng Duyan nang habang nagpapahinga ang mga bata.<br>Sumangguni sa Apendiks.</td></tr>
<tr><td>Circle Time 2 (Work Period)<br>(40 minuto)</td><td>Tapos na ang sampung minuto, maghahanda na tayo para sa iba pang masasayang gawain. Kantahin natin ang Ang Aking Pamilya (Tune:Leron Leron Sinta)<br>(https://youtu.be/ZoWBo0ob1X0 ).<br>Itanong sa mga bata:<br>Mula sa ating inawit, bakit laging masaya ang pamilya? Paano kayo nagiging masaya sa pamilya?<br>Kanina pinag-aralan</td><td>Para sa Guro:<br>Ipakita at ipaawit sa mga bata:<br>Pagbilang 1-10 (song) | ATBP<br>https://www.youtube.com/@knowledgechannelorg<br>Balikan ang Family Pictograph ng mga bata. Ipabilang ang miyembro ng pamilya sa ginawang Family Pictograph.<br>(Tingnan sa apendiks)</td><td>Ipaawit ang Chikadeng – Chikadeng (isa hanggang 5 )<br>Ilan ang dumapong Chikadeng sa sanga ng puno?<br>Ipaguhit at pakulayan sa mga bata ang 5 ibon.<br>Maaaring ipagawa sa mga bata:<br>1. Ipakita sa mga bata ang 1-5 na bilang na may kasamang larawan</td><td>Game: Alamin Natin!<br>Para sa Guro.<br>Umupo nang nakabilog sa lapag kasama ng mga bata. Ihanda ang chart na may mga larawan ng bagay. Bawat larawan ay may iba't ibang larawan. Hal. 4 na bulaklak. Magbigay ng maikling kuwento bago ito ipabilang sa mga bata.<br>Ating Alamin:<br>Kahapon, ako ay napadaan sa hardin.</td><td>Ipakita at ipaawit sa mga bata:<br>Pagbilang 1-10 (song) | ATBP<br>https://www.youtube.com/@knowledgechannelorg<br>Tara nang Magkulay!<br>Kulayan ang mga bagay na katumbas ng bilang na nasa kaliwa.</td></tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | natin ang maliit at malaking pamilya. Balikan nating muli ang mga larawan. Alin sa mga ito ang maliit at malaking pamilya?<br><br>Bilangin natin kung ilan ang miyembro ng pamilya sa bawat larawan.<br> <br>**Source:** freepik.com/free-vector/hand-drawn-asian-family-illustration_27261704.htm#query=family&position=0&from_view=keyword&track=sph&uuid=6a772c1a-21c7-4b5c-b2b1-912f3f1520b4<br><br>Muling itanong: Kailan nasasabing maliit at malaki ang isang pamilya.<br><br>**Mga Gawain:**<br>A. Ipagawa ang laro: Malaki o Maliit na Pamilya?<br>PAMAMARAAN:<br>Patayuin at papilahin ang mga bata. Magpapakita ang guro ng dalawang larawan ng pamilya na may iba't ibang bilang ng miyembro. ( 3, 4 | Muling talakayin at ipaunawa sa mga bata ang konsepto ng pagbilang<br><br>Ipagawa ang larong "Lumulubog ang Bangka"<br>*(refer to appendix)*<br><br>**Note**: Maaaring magdagdag ng iba pang gawain sa pagbibilang. (*Play-based Activity*. Pagbibilang ng mga bagay sa tahanan na ipakikita ng guro. (Oral counting)<br>1. Pagbilang ng mga gamit nasa nasa bag, at iba pa.)<br>2. Magbigay ng mga larawan ng mga gamit na nakikita sa tahanan. Bilangin ang mga pinggan na hinugusan ni Ate tuwing gabi.<br>3. Ilan ang baso sa larawan? Sama-samang pagbibilang.<br><br>**Iba pang Gawain:**<br>Pagsulat ng mga | ng bagay at kilalanin ang mga bilang 1, 2,3, 4 qt 5. Ipaliwanag ang bawat isa.<br>Hal.<br>1- <br><br>*2.* Magpakita ng iba't ibang larawan na may bilang isa hanggang lima. Ipabilang ang mga nasa larawan sa mga bata. (*Oral recitation)*<br><br>*3. Number Hunt*<br><br>Maglagay ng iba't ibang numero sa pisara o sa kahon, ipapili sa mga bata ang bilang 1-5 at idikit ito sa pisara. Itapat sa larawang may katulad na bilang. | May nakita akong mga bulaklak. Ilan kaya ito? (ipakita at ipabilang ang mga bulaklak sa tsart.)<br>***Matching Game:***<br>Pagtapatin ang larawan sa tsart na may nakasulat na bilang.<br><br>Hal.<br> <br> | 1 – <br>2 – <br>3 – <br>4 - <br>5- <br><br>**Note**: Maaaring magdagdag ng iba pang gawain sa pagbibilang. (Play-based Activity) |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | miyembro)<br>Tanungin ang mga bata kung ang ipinakita ay maliit o malaking pamilya. Sa bilang ng tatlo, pumila sa tapat ng larawan na tinutukoy, hal. Maliit na pamilya.<br>Itanong sa mga bata kung bakit nila napili ang larawan at ipabilang ang miyembro ng pamilya sa larawan.<br><br>(Magpakita ng iba pang larawan na ikukumpara hanggang 5 miyembro ng pamilya)<br><br>Ipaguhit sa mga bata ang miyembro ng kanilang pamilya.<br>Ipasulat ang bilang 1 hanggang 5 gamit ang *tracing pad.*<br>(*Worksheet): Tracing Number* ) | numero sa hangin, sa kamay o sa tracing paper. | | | |
| **Mga Gawain sa grupo**<br>(*Independent Activities*) | A. Math-Related Activities: *Number Collage (1 hanggang 5)*<br>B. *It's A Match (Gumuhit ng* | *A. Math – Related Gamit ang playdough: Gayahin ang bilang 1 hanggang 5 gamit ang palydough.* | A. Iguhit ang larawan na hinihingi ng guro ayon sa bilang.<br><br>1. 1 lapis | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *dalawang pamilyang may magkatulad na bilang at pamilyang may maliit at malaking miyembro)*<br>*(**Para sa guro**: gabayan ang mga bata sa paggawa nito)*<br>*Hal.*<br>Pamilyang pareho ang bilang (A)<br>Pamilyang pareho ang bilang (B)<br><br>Maliit na Pamilya<br>Malaking Pamilya | *(gabayan ng guro)*<br>B. *Pagkulay:*<br>*Kulayan ang mga larawang nagsisimula sa letrang Ss*<br>*Source:* *https://isangmakatangpinay.blogspot.com/2020/03/mga-salitang-nagsisimula-sa-titik-s.html*<br>*https://pngtree.com/*<br> | 2. 2 bola<br>3. 4 na baso<br>4. 3 mansanas<br>5. 5 kahon<br><br>B. Letra sa *Playdough*<br><br>C. *Pagsulat ng letrang Ss sa tracing Paper* | | |

<table>
<tr><td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)<br>Activities</td><td colspan="5">Limang minuto na lang ay matatapos na ang gawain natin. (Pagkalipas ng 5 minuto) Tapos na ang limang minuto, maghahanda ulit tayo para sa iba pang masasayang laro. Kakantahin natin ulit ang ‘Nasaan Si Tatay?’ / ‘Masaya Kaming Pamilya.’</td></tr>
<tr><td>Laro: Pangkatang Bilang ng Pamilya.<br>Ex. Pangkatin sa 4 na miyembro ng pamilya.</td><td>Family Relay (Pakitingnan sa Apendiks)</td><td>Unstructured Free Play</td><td>Gaya-gaya</td><td>The Boat is Sinking</td></tr>
<tr><td colspan="5">Sabihin sa mga bata na may sampung minuto na lamang at matatapos na ang paglalaro. (Pagkatapos ng sampung minuto) Mga bata ibabalik na ninyo ang mga kagamitang inyong ginamit sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam.<br>Maaari ring kantahin ang Tong Tong Tong Pakitong-kitong (sumangguni sa Apendiks).</td></tr>
<tr><td>Wrap Up Time (mensahe) & Dismissal<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Ano ang masasabi ninyo sa mga ginawa ninyo ngayong araw?<br>Maaaring hikayatin silang pag-isipan, “Ano kaya ang puwede ninyong gawin sa susunod?”<br>Ano-ano ba ang ginawa natin ngayong araw?<br>May natutuhan ba kayo sa iba’t ibang mga gawain o laro? Ano ang inyong natutuhan?<br>Balikan ang kuwentong binasa sa araw na iyon at ang mga naibahagi ng klase patungkol sa paksa o mga tanong (motive question at post-story discussion).<br>Awitin natin ang kantang (paalam) ___.<br>Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.</td></tr>
<tr><td colspan="6">Dismissal Routine: Paalalahanan ang mga mag-aaral tungkol sa pag-iingat sa pag-uwi (halimbawa, pagtawid ng kalye), sa mga takdang aralin o kailangang ipaalala sa mga magulang, atbp.</td></tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon o lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata rito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang mga katanungan pagkatapos ng mensahe). | |

| Inihanda ni: | Sinuri ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| ____________________ | ____________________ | ____________________ |
| Guro | Dalubguro | Punongguro |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Apendiks**

**Note: Ang ibang mga gawain na hindi nabanggit sa aralin ay maaaring ipagawa sa mga bata.**

A. **Mga Gawaing Kaugnay ng Tema (*Theme-Related Activities*) *<u>Family Pictograph</u>***

- *Recognize oneself as a member of a family (K-MB-I-1)*

Layunin: Nakikilala ang sarili bilang miyembro ng pamilya
Naihahambing ang dami ng iba't ibang pamilya
Nakagagawa ng *pictograph*


Mga Kagamitan: *manila paper*, kartolina o likod ng lumang kalendaryo; mga papel na hugis-tao (*unisex*, ginupit mula sa *bond paper* o *scratch paper*); *bond paper* o *scratch paper*; pangkulay, pandikit, *permanent marker*

Bilang ng Kasali: Buong klase Paghahanda ng guro bago ang klase/gawain:

**Para sa Guro**:

1. Sa malalaking papel (*manila paper*/kartolina/kalendaryo), gumawa ng talaan. Ang unang kolum ay para sa pangalan ng mag- aaral at ang pangalawang kolum (mas mahaba/malaki ang espasyo) ay para sa dami ng bilang ng miyembro sa kanilang pamilya. Maghanda ng talaan para sa bawat mesa o grupo ng mga mag-aaral. Tingnan sa 'Pamamaraan' bilang apat ang halimbawa.
2. Gumupit ng mga parihabang piraso ng papel: gupitin sa gitna (pahalang/pahaba) ang isang *bond paper* o *scratch paper* (tingnan ang anyo sa ibaba). Maghanda ng isang parihabang papel para sa bawat mag-aaral.







3. Gumupit rin mula sa *bond paper* o *scratch paper* ng hugis tao (katulad ng hugis sa kanan), pare-pareho ang laki. Tiyaking magkakasya ang hugis-taong papel sa mga parihabang papel. Kakailanganin ng bawat bata ng isang hugis-taong papel para sa bawat miyembro ng kanilang pamilya; upang matiyak na may sapat na dami ng hugis-taong papel na nakahanda, alamin muna ang bilang ng miyembro ng pamilya ng bawat mag-aaral (mas mainam kung higit pa sa sapat na dami ang ihanda).



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

Pamamaraan ng gawain:

1. Paupuin ang mga mag-aaral sa mga mesa (ang bilang ng grupo ay nakabatay sa dami ng mesa sa silid-aralan). Para sa bawat mesa o grupo, maglaan ng isang talaan, mga parihabang papel (isa para sa bawat bata), mga hugis-taong papel (nasa isang kahon o anomang lalagyan), mga pangkulay, at pandikit.
2. Sabihan ang mga mag-aaral na kumuha ng isang hugis-taong papel para sa bawat miyembro ng kanilang pamilya. Maaari nilang kulayan o iguhit ang bawat isang hugis-taong papel ayon sa mga miyembro ng pamilya (kasama ang kanilang sarili).
3. Pagkatapos gumuhit, ididikit nila ang mga ito sa parihabang papel.
4. Ang mga parihabang papel namang ito ang ididikit sa talaan. Isulat (o ipasulat sa kanila) ang pangalan ng bata sa kolum katabi ng kanilang parihabang papel. (Tingnan ang anyo ng talaan sa ibaba.)

| **Pangalan ng mag-aaral** | **Bilang ng miyembro ng pamilya** |
|---|---|
| Andres |  |
| Gabriela |  |
| Lean | |
| Mutya | |
| Diwa | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

5. Kapag nakumpleto na ang talaan, pag-aralan at pag-usapan: Aling pamilya ang may pinakamaraming miyembro?
6. Alin ang may pinakakaunti? Maaaring bilangin ang bawat hugis-tao, at isulat ang bilang sa gilid. Maaari ring magtanong ng mga tanong na naghahambing, halimbawa, alin ang mas marami/kaunti? Ano ang pagkakaiba?
7. Karagdagang tala tungkol sa aralin ngayong araw, partikular ukol sa apelyido: Balikan ang aralin sa ikatlong linggo tungkol sa buong pangalan, at kung ano ang ibig sabihin ng apelyido. Maaaring pag-usapan din na may mga pamilya na magkakaiba ang apelyido, halimbawa: ang nanay na iba ang apelyido sa tatay, o mga anak na iba ang apelyido sa tatay.

   Song : Ang Aking Pamilya *(Tune:Leron Leron Sinta) ( https://youtu.be/ZoWBo0ob1X0 ).*

   Ang aking pamilya tunay na masaya
   Masipag si Tatay, maalaga si Nanay
   Kaming magkapatid sumusund lagi
   Sa payo't habilin
   Ni Mommy at Daddy

**Frame It!**


Layunin: Naipakikita sa klase ang sariling pamilya
Nauunawaan na may mga miyembro ng pamilya na maaaring hindi kasama sa iisang tirahan
Nakagagawa ng sariling kuwadro na maiuuwi sa pamilya

Mga Kagamitan: litrato ng pamilya; karton; iba't ibang materyales, halimbawa: ginupit-gupit na pirasong *colored paper*, *string*/*yarn*, mga patpat/*popsicle sticks*, tuyong dahon, tuyong bulaklak, buto/munggo/patani/*dried beans*, mga bato, *shells*, atbp.; pangkulay; pandikit, gunting

Bilang ng Kasali: Buong klase Paghahanda ng guro bago ang klase/gawain:

1. Bilang *homework*, magpadala sa klase ng litrato ng kani-kanilang pamilya. Maaaring ipadala sa *group chat* ng klase ang *family picture* na kinunan sa *cellphone* ng magulang; kung walang *cellphone* o *internet* sa bahay, maaaring idrowing ng mag-aaral ang pamilya nila. Maaari ring magpadala ng mismong *family picture* na naka-*print*; ito ay puwedeng ipa-*photocopy* (*colored*), upang maisauli ang orihinal kung sakaling hindi papayag ang magulang na idikit ang litrato sa karton/*carboard*.
2. I-*print* ng *colored* ang mga pinadalang *family picture*.
3. Idikit sa karton/*cardboard* na may sapat na espasyo sa paligid ng *picture* (katulad ng anyo sa ibaba).


DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph



Pamamaraan ng gawain:

1. Sa bawat mesa, maghanda ng pandikit, gunting, pangkulay at mga materyales na ididikit (tuyong dahon, patpat, buto, atbp.).
2. Bago magsimula sa gawain, hikayatin ang mga mag-aaral na ipakita ang kanilang *family picture* sa kanilang mga ka-grupo sa mesa, at ipakilala ang mga miyembro ng pamilya nila. Itanong ang mga mag-aaral kung mayroong miyembro ng pamilya na hindi nila kasama sa bahay, o hindi nila palaging kapiling: Alam ba ninyo kung nasaan sila? Ano ang ginagawa nila roon? Madalas ba ninyo silang makita o makasama? Paano ninyo sila nakauusap, nakukumusta o nakakakuwentuhan? Pag-usapan na may mga pamilya na hindi (palaging) magkakasama sa iisang tirahan, maaaring dahil sa trabaho o pag-aaral (o baka dahil pumanaw na), o iba pang kadahilanan.
3. Hikayatin ang bawat bata na dekorasyunan ang paligid ng kani-kanilang *family picture* gamit ang iba't ibang materyales at pangkulay.
   Sabihin sa mga mag-aaral na maiuuwi nila ang nilikha nilang *family picture frame*, matapos gamitin ang mga ito sa isa pang gawain sa klase ("Tayo Ay Pamilya").

**<u>Tayo Ay Pamilya</u>**

Layunin: Nakikilala ang iba't ibang miyembro ng inyong pamilya
Natutukoy ang mga pagkakahawig/pagkakapareho ng mga pamilya

Mga Kagamitan: Ang mga nilikhang *family picture frames* ng klase (mula sa gawaing "Frame It!")

Bilang ng Kasali: Buong klase Pamamaraan:

1. Ipakita ang mga *family picture* sa klase; maaaring idikit ang mga ito sa pisara o dingding.
2. Hikayatin ang mga mag-aaral na tingnan ang mga *family picture* at tukuyin kung alin sa mga ito ang maaaring pagsamahin upang bumuo ng mga grupo ng *family pictures*. Maaaring magtanong: Alin sa mga litrato ang may pagkakahawig? O, ano ang pagkakapareho nitong mga litratong ito? Bakit magkakagrupo ang mga ito?
3. Pag-usapan ang iba't ibang miyembro ng pamilya. Maaaring ipakita ang litrato ni Maia at kanilang pamilya, at alalahanin ang kuwento tungkol sa pagkakabuo ng kanilang pamilya. Mula rito ay maaaring pag-usapan ang iba't iba pang paraan ng pagkakabuo ng pamilya (halimbawa, maaaring isa-isahin ang mga litrato at pag-usapan ito).

**Mahal Ko Ang Aking Pamilya**

Layunin: Naiisa-isa ang mga pamamaraan upang ipakita ang pagmamahal sa pamilya
Mga Kagamitan: *bond paper* o *scratch paper* (gamitin ang likod), panulat, pangkulay
Bilang ng Kasali: Buong klase

Paghahanda:

1. Sa *bond paper* o likod ng *scratch paper*, maglagay ng mga linya (½ inch ang pagitan ng bawat isa). Tiyakin na may sapat na espasyo sa itaas ng mga linya para sa pamagat at/o drowing. (Tingnan ang *template* sa gilid.)
2. Maghanda ng isang *sheet* para sa bawat bata.
3. Maghanda rin ng *sample sheet*: katulad rin ito ng *sheets* para sa mga mag- aaral, ngunit ito'y sulatan ng Mahal Ko Ang Aking Pamilya sa itaas bilang pamagat. Tiyaking malinaw ang pagkakasulat nito upang hindi mahirapan ang mga bata na gayahin o kopyahin ito.

Mahal Ko Ang Aking Pamilya

________________________

________________________

________________________

Pamamaraan:

1. Sa bawat mesa, maghanda ng mga panulat at pangkulay (maaari ring may iba't ibang materyales na puwedeng idikit bilang dekorasyon).
2. Hikayatin ang mga bata na isulat ang pamagat, Mahal Ko Ang aking Pamilya, sa itaas ng kanilang *sheet*. Maaaring iayon ang pagsusulat ng pamagat batay sa antas ng bawat bata: (1) maaaring ang guro ang magsusulat ng pamagat sa kanilang *sheet*; (2) maaaring kopyahin ng bata ang pamagat mula sa *sample sheet* na inihanda, o di kaya'y mula sa pamagat na isusulat ng guro sa pisara; o (3) maaaring isulat ng bata ang pamagat ayon sa kung paano niya nito nais isulat o kung paano sa kanyang palagay ay ganoon ang pagkakasulat nito. (Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular tungkol sa *Emergent Literacy*.)
3. Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga pamamaraan kung paano nila maipakikita/ maipararamdam ang kanilang pagmamahal sa pamilya. Maaari nilang i-drowing ito, at isulat ang nais nilang sabihin tungkol dito. Hikayatin din silang isulat ang kanilang pangalan sa kanilang papel. (Sumangguni sa *Teacher's Guide*, partikular sa *Emergent Literacy*.)
4. Kapag natapos na ang lahat, tipunin ang mga papel. Maaaring isa-isahing ipakita at ipabahagi sa bawat bata ang kanilang naisip na pamamaraan. Maaari ring idikit ang mga papel sa pisara o dingding upang makita ng lahat at mabalikan ang iba't ibang pamamaraan.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**B. Other Math Activities**

**<u>Block Play: Bahay</u>**

Layunin: Nagagamit ang *blocks* sa pagbuo ng estruktura
Napag-uugnay-ugnay ang iba't ibang hugis upang makagawa ng iba pang hugis
Natutukoy ang iba't ibang katangian (kulay, hugis, bilang) ng ginawang istruktura

Mga Kagamitan: Iba't ibang blocks
Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng bahay gamit ang *blocks*.
2. Himukin silang pag-usapan o ikuwento ang mga katangian ng mga ginawa nilang bahay. Maaaring magtanong, Anong klaseng bahay ito (hal., maliit, malaki)? Ano ang hugis/kulay ng bubong/ pinto/ bintana/ dingding? Ilang *blocks* ang kulay ______? Ilan ang hugis __?

**<u>Number Collage</u>**

Layunin: Nakikilala ang mga bilang (numero)
Natutukoy ang pagkakasunod-sunod ng mga ito

Mga Kagamitan: mga lumang diyaryo/magasin/katalog/poster/atbp., gunting, pandikit, papel (na pagdidikitan)
Bilang ng Kasapi: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang pahina ng diyaryo/magasin/katalog.
2. Ipahanap sa kanila ang mga bilang mula 0 hanggang 6 (o kung hanggang saan ang *target number)*, mula sa hawak nilang diyaryo/magasin/katalog. Sabihan silang gupitin ang bawat bilang at idikit sa papel nang sunod-sunod (0, 1, 2, 3, 4, 5, 6).
3. Basahin ang bawat ginawa: ituro ang bawat bilang at bigkasin ang bilang.
4. Maaaring pag-usapan ang iba't ibang katangian ng mga ginupit na bilang (base sa *font*): Alin ang malaki/maliit? Alin ang mas malaki/maliit? Alin ang mas mabilog/payat/matangkad? Atbp.
5. Maaaring maghanap sa silid-aralan ng mga bagay na may parehong bilang, halimbawa: may anim na bata sa mesa/grupo; ipatukoy sa mga bata kung aling bilang (numero) ang nagpapakita ng anim.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**<u>It's A Match</u>**

Layunin: Naihahambing ang bilang (numero) sa dami ng bilog/bagay

Mga Kagamitan: isang *set* ng *numeral cards* na may bilang 0-6 (o kung hanggang saan ang *target number*) at isang *set* ng *dot pattern cards* na may mga bilog o *dots* (katumbas ng mga bilang, hal., may anim na bilog/ *dots* na katumbas ng 6)

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Ilagay ang mga *numeral cards* na nakabaligtad (hindi nakikita ang bilang) sa mesa o sahig.
2. Ilagay naman ang *dot pattern cards* sa isang *tray* o kahon.
3. Bawat bata ay kukuha ng isang *dot pattern card* mula sa kahon at ipagpapares ito sa *numeral card*.
4. Kapag tama ang kanyang nagawa, maaari siyang tumawag ng susunod na bata para gawin ang gawain.
5. Maaaring balasahing muli ang mga *cards* at ulitin ang gawain, hanggang sa mabilis nang gawin ng lahat ng mag-aaral.
6. Kung kayang-kaya na itong gawin ng mga mag-aaral, maaaring dagdagan ang *cards* para higit pa sa bilang 6 ang gagamitin.

**C. Other Early Literacy Activities <u>Paborito Kong Pagkain</u>**

Layunin: Natutukoy ang unang letra ng paboritong pagkain
Naisusulat ang unang letra ng paboritong pagkain
Nailalarawan ang paboritong pagkain

Mga Kagamitan: papel; panulat at pangkulay; iba't ibang materyales, hal., *popsicle sticks*/ patpat, dahon, *beads*/buto, tali/*string*/*yarn*, atbp.; gunting, pandikit; *alphabet chart* o papel kung saan nakasulat ang alpabeto

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Bigyan ng papel ang bawat mag-aaral. Gamit ang panulat, pangkulay at iba't ibang materyales, sabihan silang magdrowing o lumikha ng paborito nilang pagkain.
2. Pagkatapos nilang lumikha, tanungin ang bawat isa kung ano ang kanilang nilikha. Ano ang pagkaing iyan? Anong titik kaya nagsisimula ang pagkaing iyan? Ipaturo sa mag-aaral ang titik sa *alphabet chart*.
3. Maaaring hikayatin silang isulat sa papel ang unang titik ng pagkain, o kung nais at kaya ng mag-aaral, ang pangalan ng pagkain.
4. Maaari ring tanungin ang mga mag-aaral habang sila ay lumilikha: Bakit mo paborito ang pagkaing iyan? Sino ang nagluluto/gumagawa niyan? Kung nais at kaya ng mag-aaral, maaari rin nilang isulat ang kung ano mang nais ibahagi tungkol sa kanilang paboritong pagkain.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Scavenger Hunt: Letra**

Layunin: Nakikilala at nabibigkas ang tunog ng letrang Ss

Mga Kagamitan: iba't ibang kagamitan o bagay na nagsisimula sa *letter for the day (Ss)*, nakalagay sa iba't ibang lugar sa silid-aralan, papel (*bond paper* o likod ng lumang *printout*), panulat at/o pangkulay

Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Ipagrupo ang mga mag-aaral nang magkakapares.
2. Ipahanap sa bawat pares ang iba't ibang mga bagay sa silid-aralan na nagsisimula sa *letter for the day*.
3. Ipadrowing sa bawat pares ang mga bagay na kanilang nakolekta, at ipasulat ang *letter for the day* sa itaas ng papel.
4. Kapag natapos na ang lahat sa pagdrowing, ipakita ang gawa nila sa ibang mag-aaral (sa gawaing ito) at itanong sa kanila kung ano-ano ang mga bagay sa larawan. Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin kung ang mga bagay ba ay nagsisimula sa *letter for the day*.

**Pag-ikot ng Letra (o Tugma)**

Layunin: Nakikilala ang ngalan at tunog ng unang letra na ngalan ng bagay
Nabibigkas ang ngalan at tunog ng unang letra na ngalan ng bagay

Mga Kagamitan: bola o kahit anong bagay/gamit na madaling hawakan at ipasa (halimbawa, *block*, *stuffed toy*, *roll* ng *tape*, *marker*, atbp.)

Bilang ng Kasapi: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Paupuin ang mga mag-aaral sa isang bilog sa sahig o paikot sa mesa.
2. Ibigay ang bola (o kung anoman ang natukoy na bagay/gamit) sa isang mag-aaral. Magbigay ng isang titik at bigkasin ang tunog nito.
3. Simula sa mag-aaral na may hawak ng bola, mag-iisip at bibigkas siya ng salitang nagsisimula sa titik na tinukoy (maaaring tumukoy ng isang kategorya, halimbawa: bagay/pagkain/laruan/atbp.). Ipapasa niya ang bola sa katabi, na siya namang magbibigay ng salitang nagsisimula sa tinukoy na letra.
4. Iikot ang bola hanggang may mag-aaral na hindi na makapagbigay ng salita sa letra na iyon.
5. Maaaring magsimula ulit, gamit ang ibang letra, o ibang kategorya ng salita.
6. Alternatibo: Magbibigay ng isang salita ang guro, at mag-iisip ng mga salitang katugma ang mga mag-aaral. Halimbawa: aso, baso, laso, atbp.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**<u>Letra sa Playdough</u>**

Layunin: Nakalilikha ng mga letrang SS gamit ang *playdough*
Mga Kagamitan: luwad / *playdough*, *letter cards* (mga *uppercase* at/o *lowercase* na letra, nakasulat o naka-*print* sa karton)
Bilang ng Kasali: 4-8 na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat mag-aaral ng kapirasong luwad o *playdough*.
2. Pumili ng mga letra na tutukuyin ng mga bata; maaaring may *uppercase* at *lowercase* ng bawat letra. Ipakita ang bawat *letter card*, at itanong sa mga mag-aaral kung ano ang letra na iyon. Ilagay ang mga *letter card* sa mesa, halo-halo (hindi magkasama ang *uppercase* at *lowercase* ng isang letra).
3. Hikayatin ang mga mag-aaral na gayahin ang bawat letra gamit ang luwad/*playdough*.
4. Kapag natapos na ang lahat, ipapares/ipapareha sa kanila ang *uppercase* at *lowercase* ng mga letra.
5. Maaari silang himukin na mag-isip ng paboritong pagkain/laro/laruan/gawain/atbp na nagsisimula sa bawat letra.

**D. Indoor/Outdoor Games <u>Puwede po, Inay/Itay?</u>**

Layunin: Nauunawaan ang pagsunod sa mga panuto o tagubilin
Nakasusunod sa mga panuto gamit ang galaw ng katawan sa malikhaing paraan.
Mga Kagamitan: *chalk* o patpat
Bilang ng Kasali: Higit sa dalawang mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pumili ng lider, o si "Inay/Itay." Tatayo ang lider sa isang dulo ng paglalaruang lugar, habang ang ibang mga kalaro (ang mga "anak") ay nakalinya nang pahalang sa kabilang dulo (nakaharap sa lider). (Gamit ang *chalk*, maaaring magdrowing o magtakda ng isang "*starting line*" upang alam ng mga mag-aaral kung saan sila dapat tumayo at magsimula. Kung sa labas ang paglalaruang lugar, maaaring gumuhit ng linya sa lupa gamit ang patpat.)
2. Magbibigay si "Inay/Itay" ng tagubilin o *instructions* sa isa sa mga kalaro, halimbawa:
   "Bong, humakbang ka ng <u>[bilang at klase ng hakbang]</u>."
   Sasagot ang "anak": "Puwede po, Inay/Itay?"
   Sasagot si Inay/Itay: "Opo, pupuwede po" o "Hindi po pupuwede."
   Humakbang ka na lang ng ____________________________________________ na hakbang."
3. Kapag "pinayagan" na ni Inay/Itay, hahakbang na ang manlalaro ng itinakdang bilang at klase ng hakbang.
4. Kapag humakbang ang "anak" nang hindi humihingi ng permiso, siya ay babalik sa *starting line*. Ang unang makaabot kay Inay/Itay ang magiging bagong lider.
5. Maaaring mga hakbang:
   - *baby step*: naka-*tiptoe*
   - *giant step*: pinakamalaking hakbang na kakayanin



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

- *split*: i-*slide* ang isang paa hanggang sa kakayanin
- *side gallop*: humakbang patagilid
- *fire engine/police car*: tumakbo hanggang sabihin ni Inay/Itay na "Tigil!" o *"Stop!"*
- *frog leap*: tumalon na parang palaka
- *rabbit step*: tumalon sa isang paa

6. Maaari ring gumawa at magmungkahi ng ibang mga hakbang ang klase

**Family Relay**

Layunin: Nauunawaan ang kahalagahan ng pakikiisa o pagtutulungan
Naisasagawa ang pakikipagtulungan sa kapangkat

Mga Kagamitan: *chalk* o patpat

Bilang ng Kasali: 6 bawat grupo o *team*

Pamamaraan:

1. Magtalaga ng isang *starting line* (gumuhit gamit ang *chalk* o patpat) kung saan ang lahat ng mga *team* ay dito magsisimula. Sa kabilang dulo naman ng paglalaruang lugar, may linya rin kung saan may poste (halimbawa, isang upuan, o di kaya bote ng tubig) na iikutan ng mga *team*. Bawat *team* ay may kani-kanilang poste.
2. Pipila ang bawat *team* sa *starting line*, katapat ng kanilang poste. Kapag ibinigay na ang senyas (halimbawa, bibilang ng "Isa, Dalawa, GO!") ay tatakbo ang unang manlalaro patungo sa poste, iikot doon at tatakbo pabalik sa *starting line*.
3. Pagdating sa *starting line*, hahawakan niya ang kamay ng susunod na manlalaro, at magkasama silang tatakbo papunta sa poste at pabalik.
4. Magpapatuloy ang laro hanggang ang huling manlalaro ay nakatakbo na kasama ang buong *team*.
5. Ang unang *team* na makababalik sa *starting line* ang magwawagi.

**Gaya-gaya**

Layunin: Nakasusunod ang mga mag-aaral sa panuto
Naipakikita ng mga mag-aaral ang pagsunod sa panuto gamit ang galaw o kilos.

Mga Kagamitan: wala

Bilang ng Kasali: Dalawa o higit pang mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pumili ng "taya" para sa larong ito. Maaaring ang guro ang mauuna munang "taya" upang maipakita sa mga mag-aaral kung paano laruin ang laro.
2. Gagayahin ng lahat ng mag-aaral ang gagawin ng "taya", halimbawa: gumalaw ng mabilis/mabagal/paibaba/paitaas/patagilid, gumalaw nang parang isang hayop (ibon, palaka, matsing, atbp).
3. Mga *variation*:
   a. Pipili o magtatalaga ang mga mag-aaral ng isang "*trick move*" (halimbawa: iikot, o tatayo sa isang paa, atbp.). Kapag


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

ang "taya" ay nag-"*trick move*", dapat na tumigil (mag-*freeze*) ang lahat. Ang hindi mag-*freeze* ang magiging bagong taya.

b. Katulad din sa itaas na may "*trick move*", ngunit ngayon naman ay dapat iba ang igalaw ng mga mag-aaral (maliban sa mag-*freeze* o gayahin ang *trick move*). Ang hindi makasunod ang magiging bagong taya.

c. Maaari rin itong laruin na magkakapares: ang isa muna ang "taya", at kapag nagkamali ng galaw ang kapareha, ay siya naman ang taya.

**Lumulubog ang Bangka**

Layunin: Nauunawaan at nakasusunod sa mga panuto
Natututong magbilang ng dami ng tao/kalaro

Mga Kagamitan: wala
Bilang ng Kasali: Higit sa apat (4) na mag-aaral

Pamamaraan:

1. Pipili ng isang "taya."
2. Sasabihin ng taya: "Lumulubog ang bangka, bumuo ng grupong tig-[bilang]." Bubuo ang mga manlalaro ng mga grupo na may ganoong bilang ng kalaro.
3. Habang bumubuo ng mga grupo, susubukan ng "taya" na makasali sa isa sa mga grupo.
4. Ang maiiwan na walang grupo o di kasali sa grupo ang magiging bagong "taya."

## E. Mga Kanta at Tula

| **Nasaan si Tatay?**<br>(sa tono ng Where is Thumbkin?)<br><br>Nasaan si Tatay (2x)<br>Nandito (2x)<br>Bahagi ng pamilya (2x)<br>Si Tatay (2x).<br><br>*Ulitin para sa iba't ibang miyembro ng pamilya (hal., Nanay, Ate, Kuya, Bunso, Lolo, Lola, Tito, Tita). Maaaring gumamit ng ibang salitang ginagamit ng mga bata para tukuyin ang mga miyembro ng kanilang pamilya (hal. para sa* | **Masaya Kaming Pamilya**<br>(sa tono ng Masaya Kung Sama-sama)<br><br>Masaya kaming pamilya, pamilya, pamilya<br>Masaya kung sama-sama't nagtutulungan.<br>Ang pamilya'y<br>Masayang<br>Masaya kung sama-sama, at nagtutulungan.<br><br>*Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip ng iba't ibang gawain na ginagawa ng pamilya, at punan ang patlang.* Halimbawa: Ang pamilya'y nagluluto/ naglilinis/ kumakain / natutulog / atbp<br>Masaya kaming nagluluto/ naglilinis/ kumakain / natutulog / atbp. |
|---|---|



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| *Tatay: Itay/Daddy/Papa/Ama).* | |
| **<u>Bahay Kubo</u>**<br><br>Bahay kubo, kahit munti<br>Ang halaman doon ay sari-sari<br>Singkamas at talong, sigarilyas at mani<br>Sitaw, bataw, patani<br>Kundol, patola, upo't kalabasa<br>At saka mayro'n pa, labanos, mustasa<br>Sibuyas, kamatis, bawang, at luya<br>Sa paligid-ligid ay puno ng linga. | **<u>Tong Tong Pakitong-kitong</u>**<br><br>Tong, tong, tong, tong<br>Pakitong-kitong<br>Alimango sa dagat<br>Malaki at masarap<br>Mahirap mahuli<br>Sapagkat nangangagat!<br>*(Ulitin ng 3-5 beses, pabilis nang pabilis)* |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| **Ako Ay May Lobo** | **Kung Ikaw Ay Masaya** |
| --- | --- |
| Ako ay may lobo Lumipad sa langit<br>‘Di ko na nakita Pumutok na pala<br>Sayang ang pera ko Ibinili ng lobo<br>Sa pagkain sana<br>Nabusog pa ako (Repeat)<br><br>Sa pagkain sana<br><br>Nabusog pa ako. | Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br><br>Kung ikaw ay masaya pumalakpak<br>Kung ikaw ay masaya pumalakpak<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya pumalakpak<br><br>Kung ikaw ay masaya pumadyak ka<br>Kung ikaw ay masaya pumadyak ka<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br>Kung ikaw ay masaya pumadyak ka<br><br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br><br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha)<br><br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla<br><br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka (hahaha) |

| **Ili-ili Tulog Anay** | **Sa Ugoy ng Duyan** |
|---|---|
| Ili-ili tulog anay<br>Wala diri imong nanay<br>Kadto tienda bakal papay<br>Ili-ili tulog anay<br><br>Mata kana tabangan mo<br>Ikarga ang nakompra ko<br>Kay bug-at man sing putos ko<br>Tabangan mo ako anay<br><br>Ili-ili tulog anay<br>Wala diri imong nanay<br>Kadto tienda bakal papay<br>Ili-ili tulog anay | Sana'y ‘di magmaliw ang dati kong araw<br>Nang munti pang bata sa piling ni nanay<br>Nais kong maulit ang awit ni inang mahal<br>Awit ng pag-ibig habang ako'y nasa duyan.<br><br>Sa aking pagtulog na labis ang himbing<br>Ang bantay ko'y tala, ang tanod ko'y bituin<br>Sa piling ni nanay, langit ay buhay<br>Puso kong may dusa sabik sa ugoy ng duyan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph